



Polisiya sa Pinansyal na Tulong — Buod sa Simpleng Wika

Ang Polisiya/Programang sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Policy/Program, FAP) ng Shore Medical Center ay umiiral upang magbigay sa karapat-dapat na mga pasyente ng mga emerhensiya o ibang medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang may bahagian o buong diskwento na ibinibigay ng Shore Medical Center at isang makabuluhang kaugnay na entidad (ayon sa itinukoy ng IRS). Ang OSPITAL at anumang makabuluhang kaugnay na entidad ay tutukuyin bilang OSPITAL simula dito. Ang mga pasyenteng humihingi ng Pinansyal na Tulong ay dapat mag-apply para sa programa na ibinuod dito.

Kwalipikadong mga Serbisyo – Emerhensiya o ibang medikal na kinakailangang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay ng OSPITAL at isinisingil ng OSPITAL. Ang FAP ay naangkop lamang sa mga serbisyong sinisingil ng OSPITAL. Ang ibang mga serbisyo na hiwalay na sinisingil ng ibang tagapagbigay, tulad ng sa mga doktor at laboratoryo, ay hindi kwalipikado sa ilalim ng FAP.

Karapat-dapat na mga Pasyente – Ang mga pasyenteng tumatanggap ng kwalipikadong mga serbisyo na nagsumite ng kumpletong Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong (kasama ang kaugnay na dokumentasyon/impormasyon), at natukoy bilang karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ng OSPITAL.

Paano Mag-apply — Ang FAP at kaugnay na Pormularyo ng Aplikasyon ay maaaring makuha/makumpleto/isumite ayon sa sumusunod:

- Sa Kagawaran ng Pinansyal na Tulong ng OSPITAL
- Humiling na ipadala ang mga dokumento sa iyo sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawarang ng Pinansyal na Tulong ng OSPITAL sa 609-653-3717, ekstensyon 1.
- Humiling ng mga dokumento sa pamamagitan ng koreo/o sa pagbisita nang personal sa: Kagawarang ng Pinansyal na Tulong ng OSPITAL na matatagpuan sa 100 Medical Center Way, Somers Point, New Jersey, 08244. Kapag bumisita nang personal, pumunta sa Mesa ng Impormasyon sa Pangunahing Lobby at humiling na makipag-usap sa isang Pinansyal na Tagapayo. (Ang Polisiya sa Pinansyal na Tulong ng OSPITAL ay makukuha kung hiniling sa pamamagitan ng koreo, o sa personal, sa lokasyong ito.)

- I-download ang mga dokumento mula sa website ng OSPITAL: <https://www.ShoreMedicalCenter.org>.
- Ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon (kasama ng lahat ng dokumentasyon/impormasyon na itinukoy sa mga tagubilin ng aplikasyon) sa: HOSPITAL's Financial Counseling Department, 100 Medical Center Way, Somers Point, New Jersey, 08244; o dalhin nang personal sa Kagawaran ng Pinansyal na Pagpapayo.

Pagtukoy ng Pagiging Karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong - Karaniwan, ang Karapat-dapat na mga Tao ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong, gamit ang padausdos na sukatan, kapag ang kanilang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 200% ng Pederal na mga Patnubay sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG) ng Pederal na Pamahalaan. Ang pagiging karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong ay nangangahulugan na ang pangangalaga ng Karapat-dapat na mga Tao ay saklaw nang buo o bahagian, at hindi sila sisingilin nang higit sa “Mga Halagang Pangkaraniwang Sinisingil” (“Amounts Generally Billed”, AGB) sa mga taong may seguro (AGB, ayon sa itinukoy sa IRC Seksyon 501(r) ng Serbisyo ng Rentas Internas). Mga lebel ng Pinansyal na Tulong, batay sa Kita ng Pamilya at FPG lamang, ay:

- Kita ng Pamilya sa 0 hanggang 200% ng FPG
Buong Pinansyal na Tulong; \$0 ay isinisingil sa pasyente.
- Kita ng Pamilya sa 201 hanggang 300% ng FPG
Bahagiang Pinansyal na Tulong; Ang AGB ay ang pinakamataas na isinisingil sa pasyente.

Tandaan: Ang ibang mga pamantayang lampas sa FPG ay isinasaalang-alang din (ibig sabihin, pagkakaroon ng pera o ibang mga ari-ariang maaaring ipagpalit sa pera, at labis na buwanang netong kita kaugnay sa buwanang mga gastos sa sambahayan), na maaaring magresulta sa mga eksepsyon sa nauna. Kung walang iniulat na Kita ng Pamilya, kakailanganin ang impormasyon kung paano natutugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan. Pinag-aaralan ng Kagawaran ng Pinansyal na Tulong ng OSPITAL ang mga isinumiteng aplikasyon na kumpleto at tutukuyin ang Pagiging Karapat-dapat sa Pinansyal na Tulong alinsunod sa Polisiya sa Pinansyal na Tulong ng OSPITAL. Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay hindi isaalang-alang, ngunit ang mga aplikante ay aabisuhan at bibigyan ng pagkakataon na ibigay ang kulang na dokumentasyon/impormasyon.

Isinasalin rin ng OSPITAL sa ibang wika ang FAP, pormularyo ng aplikasyon sa FAP nito at buod sa simpleng wika ng FAP nito kung saan ang pangunahing wika ng mga residente ng komunidad na sinisilbihan ng OSPITAL ay kumakatawan sa 5 porsyento o 1,000; alinman ang mas mababa; ng populasyon ng mga indibidwal na malamang apektado o nakatagpo ng OSPITAL. Ang mga isinalin na bersyon ay makukuha kung hihilingin sa personal sa address sa ibaba; at sa website ng OSPITAL.

Para sa tulong o katanungan, mangyaring bumisita o tumawag sa: Kagawaran ng Pinansyal na Pagpapayo ng OSPITAL na matatagpuan sa Shore Medical Center, 100 Medical Center Way, Somers Point, New Jersey, 08244; Kapag bumisita nang personal, pumunta sa mesa ng

Impormasyon ng Ospital na matatagpuan sa Pangunahing Lobby at magpaturo sa Ika-unang Palapag ng Kagawaran ng Pinansyal na Pagpapayo o sa 609-653-3717, piliin ang 1, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM.